



Ang programa ng panlaban sa sakit sa Year 8 – impormasyon para sa mga magulang

Bakit mahalaga ang panlaban sa sakit?

Ang panlaban sa sakit ay nagpoprotekta sa mga tao laban sa mga nakakahawang sakit na nagdadala ng grabeng karamdaman, kapansanan at pagkamatay. Ang mga pambakuna ay nagpapaandar ng depensa na magtatanggol sa tao laban sa sakit na kalat sa kapaligiran.

Ang lahat na pambakunang kasalukuyang nakukuha sa Australya ay kailangang makapasa sa mga istriktong pagtasa sa kaligtasan bago maaprobahan ito. Ang mga pambakuna ay tuloy-tuloy na minamanmanan para sa kaligtasan at kabisa. Dagdagang basahin ang tungkol sa kaligtasan ng pambakuna at mga karamihan at mga pambihirang panglawang epekto:

healthywa.wa.gov.au/immunisation

Programang pagbabakuna sa Year 8

Sa Australya, ang mga estudyante sa year 8 ay mabibigyan ng libreng mga pambakuna mula sa Pambansang Programang Pag-inyikson laban sa:

- Dipterya
- Tetano
- Hindi mapigil na tuyong pag-ubo (pertussis)
- Bulutong-tubig (varicella)
- Human papillomavirus (HPV) Kulugong

May mas marami pang makabasa tungkol sa mga sakit at ang pambakunang gagamitin sa panlaban sa mga ito sa:

healthywa.wa.gov.au/immunisation

Eskedyul

Ang WA Health at pangkat ng mga nars sa lokal na komunidad ay gumagawa ng mga pag-iinyiksyon laban sa sakit bawat termino ng paaralan ng iyong anak ayon sa eskedyul sa baba:

Unang pagbisita: Human papillomavirus (HPV) Kulugong
Bulutong-tubig (varicella)

Ikalawang pagbisita: Human papillomavirus (HPV) Kulugong Dipterya, tetano, di-mapigil na tuyong pag-ubo (pertussis) (DTPa)

Ikatlong pagbisita: Human papillomavirus (HPV) Kulugong

Ano ang dapat gawin ng mga magulang

Itong pakete ng pagpapayag sa paglaban sa sakit ay ibinigay sa iyo sa pamamagitan ng programa sa paaralan ng iyong anak sa year 8. Ang pakete ay naglalaman ng impormasyon at porma ng pagpapayag.

Bilang magulang o tagapag-alaga, kinakailangan niyong:

- Basahin ng maingat ang porma ng pagpapahintulot sa pakete at taeagan ang nars ng paaralan kung kailangan ng dagdag na impormasyon
- i-tsek ang pula o berdeng kuwadro upang markahan kung anong uri ng pambakuna ang pinapayagan niyo, at anumang ayaw niyo, saka pirmahan sa nakalaang espasyo
- isulat sa porma ng pagpapayag ang impormasyon tungkol sa mga problemang pangmedikal na maaaring makakaapekto sa iyong anak sa pagbabakuna.
- isauli ang nakumpletong porma sa paaralan, **kahit na hindi kayo pumayag sa pagbabakuna.**

Maaari kayong tawagan ng nars kung kinakailangan nila ang dagdag na impormasyon.

Ang mga estudyanteng mayroong kumpleto at pirmadong porma lamang ang mabakunahan.

Ang araw ng pagbabakuna ay ipapahayag sa iyong lingguhang pahayagan ng paaralan. Kung ang iyong anak ay hindi nabakunahan sa araw na iyon, mapapasabihan kayo at makakapamilya kayo ng kahaliling araw na pagbabakuna.

Bago mabakunahan ang iyong anak

Ang mga di-malala at pangkaraniwang sakit katulad ng sipon na may kunting lagnat ay hindi dapat makakaantala ng pagbabakuna. Ngunit sa ilang kaso, maaaring maiirekomenda na iwasan o antalain ang pagbabakuna dahil sa mabigat na karamdamang pangmedikal. Sabihin sa nagbabakunang nars o paaralan kung ang iyong anak ay:

- May masamang reaksyon sa kanya noong nakalipas na pagbabakuna
- may kasaysayan ng grabeng pagkahiyang kaya iniwasan ang pagbabakuna
- nabakunahan sa loob ng buwan (halimbawa: may pagkatuyo (tuberkulosis), tigdas, “yellow fever”)
- ininyeksyonan ng “immunoglobulin” o buong sinalinan ng dugo sa loob ng tatlong buwan
- may sakit na nagpababa ang resistansya ng katawan laban sa mga sakit, (halimbawa: lukemya, kanser, HIV/AIDS) o kasalukuyang ginagamot kaya mababa ang resistansya (halimbawa: mga esteroyd katulad ng hydrocortisone o prednisolone, radyoterapy, kemoterapy)
- nakatira sa tao na may sakit o nagpapagamot sa sakit na nagpapababa ng resistansya ng katawan laban sa mga sakit
- masama ang karamdaman sa oras ng pagbabakuna

Pagka-alaga pagkatapos ang pagkabakuna

Kung ang lugar ng ininyeksyonan ay namula o namamaga – lagyan ng basang tela.

Maaaring may kirot, lagnat, sakit ng ulo o pagkapagod. Para sa sakit ng ulo at kirot, painumin ng paracetamol sangayon sa etiketa. Magpatingin sa doktor kung magtatagal ang lagnat.

Bumisita sa healthywa.wa.gov.au/immunisation para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga pangkaramihan at pambihirang epekto sa mga pambakuna.

Kaagad na humingi ng payo ng doktorkung may reaksyon na grabe at hindi inaasahan.

Lahat ng mga nagbibigay ng panlaban sa sakit ng WA ay kinakailangang mag-ulat kung may di-magandang reaksyon pagkatapos ng pagbibigay ng mga panlaban sa sakit. Maaari ring mag-ulat ang mga magulang kung mayroon silang mga pangamba magkakaroon ng di-magandang reaksyon sa pagbabakuna sa pamamagitan ng internet: wawvs.health.wa.gov.au, o sa pagtawag sa Central Immunisation Clinic sa: 9321 1312

Mga ulat ng pagbabakuna

Pagkatapos ng pagbabakuna, mabibigyan ang mga estudyante ng talaan ng natanggap nilang pambakuna.

Lahat na pambakunang ginagamit sa sa mga programang pagbabakuna sa paaralan ay nakatala sa mga taguan ng mga pagbabakuna sa mga paaralan ng WA Health.

Dagdag dito, ang pagbabakuna sa HPV ay nakalists sa talaan ng National HPV: hpvregister.org.au

Mga matatawagan

Central Immunisation Clinic

Telepono: 9321 1312 8.30nu–4.30nh sa mga araw na may trabaho

Ang iyong lokal na doktor

Ang iyong lokal na sentro ng kalusugan sa komunidad, ospital o sangay ng pampublikong kalusugan

healthywa.wa.gov.au/publichealthunits

healthdirect Australia

Telepono: 1800 022 222

Dagdag na impormasyon

Kagawaran ng Kalusugan

healthywa.wa.gov.au/immunisation

Immunise Australia Program

1800 671 811 or immunise.health.gov.au

hpv.health.gov.au/for-parents



Ang dokumentong ito ay maaaring maibigay sa ibang porma kung hinihiling ng isang taong may kapansanan.

Ginawa ng Public Health Division

© Department of Health 2015

Ang karapatang mangupya sa materyal na ito ay pag-aari ng Estadong Kanlurang Australya liban lang kung may ibang sabi. Liban sa magandang usapan para magamit sa pribadong pag-aaral pagsasaliksik, pagkikritiko o parerepaso na binigyan pahintulot ayon sa mga nilalaman ng *Batas ng Copyright ng 1968*, walang bahagi ang maaaring makupya o gagamitin uli para sa anumang dahilan na walang nakasulat na permiso ng Estado ng Kanlurang Australya.